# David at Solomon

WEEK 4

## WARM-UP

- Binigyan ka na ba ng isang gawain na wala kang karanasan o kakayahang gawin? Paano mo ito natapos?
- Balikan ang isang panahong pinagkatiwalaan ka ng isang tao na pangalagaan ang isang mahalagang bagay. Ano kaya ang dahilan kung bakit ka niya pinagkatiwalaan?
- Anong pamana ang gusto mong maiwan?

## WORD

1 *Pagkatapos, sinabi ni Haring David sa lahat ng mamamayan ng Israel, "Ang anak kong si Solomon na pinili ng Diyos ay bata pa at wala pang karanasan. Malaki ang gawain na ito, dahil ang ipapatayong gusali ay hindi para sa tao kundi para sa PANGINOONG Diyos.*
2 *Ginawa ko ang lahat para maihanda ang mga materyales para sa templo ng aking Diyos . . ."* **1 CRONICA 29:1–2**

(Basahin din ang **1 CRONICA 29:3–30** at **2 CRONICA 1–2**.)

Ang maka-Diyos na pamumuno ni David ay nagbigay sa kanya ng kakayahang makagawa ng maraming bagay pero ang nagbukod sa kanya sa iba ay ang kanyang pagsunod sa kagustuhan ng Diyos. Sa mga huling araw niya bilang hari ay ginusto niyang maitanim ang ganito ring pagmamahal sa Diyos sa kanyang anak na si Solomon. Kahit na *bata pa* at *wala pang karanasan* si Solomon ay pinili na siya ng Diyos na maging susunod na hari. Sa pagtatapos natin sa seryeng ito, tingnan natin ang tatlong bagay na nagbibigay ng lakas ng loob na mula sa mga ibinigay na pahayag habang tinutulungan natin ang susunod na henerasyon na maisagawa ang mga layunin ng Diyos para sa kanila.

## 1 Sumulong tayo sa pananampalataya upang makapaghanda ng plataporma para sa susunod na henerasyon.

*[1]Pagkatapos, sinabi ni Haring David sa lahat ng mamamayan ng Israel, "Ang anak kong si Solomon na pinili ng Diyos ay bata pa at wala pang karanasan. Malaki ang gawain na ito, dahil ang ipapatayong gusali ay hindi para sa tao kundi para sa PANGINOONG Diyos. [2]Ginawa ko ang lahat para maihanda ang mga materyales para sa templo ng aking Diyos . . ."* **1 CRONICA 29:1–2**

(Basahin din ang **1 CRONICA 29:2.**)

Sa panahon ng kanyang paghahari ay dinala ni David ang Kahon ng Kasunduan sa Jerusalem at nais sana niyang magtayo ng templo upang may paglagyan ito. Ngunit hindi siya pinayagan ng Diyos at sa halip ay pinili Niya ang isa sa mga anak ni David na si Solomon upang isagawa ito. Buo ang loob na nanalig si David sa Diyos at ginawa ang lahat upang masiguro na ang kanyang anak ay maging handa sa pagpapatayo ng templo. Si David ay isang halimbawa kung paano pinapahalagahan ng mga mabubuting pinuno ang paghubog ng mga taong susunod sa kanila. Sino ang mga taong nakakita ng potensyal sa iyo? Paano ka nila inihanda na maging kung sino ka man sa kasalukuyan o sa hinaharap?

.........................................................................

.........................................................................

## 2 Kilalanin natin at manalig tayo sa pagkakaloob ng Diyos at pagbibigay Niya ng kakayahan.

*"Pero sino po ba ako at ang aking mga mamamayan na makapagbibigay kami ng nag-uumapaw na kaloob gaya nito? Lahat ng bagay ay nagmula sa inyo, at ibinabalik lamang namin sa inyo ang ibinigay n'yo sa amin."* **1 CRONICA 29:14**

(Basahin din ang **1 CRONICA 29:10–13.**)

Naintindihan ni David na lahat ng mayroon siya ay galing sa Diyos. Mahalaga para kay David na kilalanin ito upang maalala ng mga tao kung sino ang tunay nilang tagapagtustos at tagapagbigay ng kakayahan. Sa ginawa niyang ito ay hiniling ni David sa Diyos na ang kanyang anak na si Solomon ay *maging*

*tapat* sa pagsunod sa Kanyang mga kaparaanan. Ang Diyos ang may likha ng lahat ng bagay. Kapag hiwalay sa Kanya ay hindi natin maisasabuhay ang tawag at layunin ng Diyos para sa ating buhay. Paano ipinapaalala sa iyo ng Diyos na Siya ang tagapagtustos para maisabuhay mo ang Kanyang tawag sa iyong buhay?

## 3 Parangalan natin at ipagpatuloy ang mga ginawang paghahanda at pamana ng maka-Diyos na komunidad na nauna sa atin.

*[23]Kaya umupo si Solomon sa trono ng PANGINOON bilang hari, kapalit ng ama niyang si David. Naging maunlad si Solomon, at sumunod sa kanya ang buong Israel. [24]Nangako ang lahat ng opisyal, ang mga makapangyarihang tao, at ang lahat ng anak na lalaki ni Haring David na magpapasakop sila kay Haring Solomon. [25]Niloob ng PANGINOON na maging tanyag si Solomon sa buong Israel at binigyan ng karangalang hindi nakamit ng ibang hari sa Israel.* **1 CRONICA 29:23–25**

Matalino si David at siniguro niyang hihigitan pa siya ni Solomon. Para kay David, ang sukatan ng tagumpay ay wala sa mga makamundong bagay kundi ay nasa pagsunod at pagiging tapat sa Diyos. Bilang tugon ay nagpatuloy si Solomon gamit ang pamana na iniwan ng kanyang ama at naging *tanyag* siya sa mga mamamayan ng Israel. Andito tayo sa ating kinaroroonan ngayon dahil may nauna na sa atin at naghanda ng landas para sa atin. Tayo man ay bata o matanda na, makakapagtrabaho tayo nang magkakasama upang mabigyan ang Diyos ng karangalan sa ating mga komunidad. Paano ka lumago mula sa mga aral na natutunan mo sa mga naging mentor o tagapagturo mo?

## APPLICATION

- Sino ang nagturo at gumabay sa iyo? Paano mo maipapakita ang iyong pasasalamat sa kanila ngayong linggo?
- Paano ka hahakbang nang may pananampalataya upang tulungan ang susunod na mga henerasyon na makilala ang Diyos at bigyan sila ng kakayahang maisagawa ang mga layunin ng Diyos sa kanilang buhay? Magbigay ng kahit tatlong mga praktikal na bagay na magagawa mo ngayong linggo.
- Paano mo maitatanim sa iyong isipan ang paghahanda sa mga susunod na henerasyon? Bakit mahalaga na makapag-iwan ka ng pamana at hindi lang tumanggap ng biyaya ng Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa pribilehiyo na mabigyang karangalan at maipagpatuloy ang iniwan ng mga maka-Diyos na henerasyong nauna sa iyo. Hilingin sa Diyos na maitanim sa puso mo ang kagustuhang makapag-iwan ng isang maka-Diyos na pamana na dadalhin ng mga susunod na henerasyon.
- Ipanalangin ang pagbubukas ng mga pinto at pagkakataong makipag-ugnayan sa susunod na henerasyon sa iyong komunidad at tulungan silang lumago sa pagnanais na makipag-ugnayan din sa mga henerasyon sa hinaharap.
- Ipagdasal na mahalin, pagsilbihan, at bigyan ng karangalan ng susunod na henerasyon ang Diyos. Hilingin sa Diyos na biyayaan sila ng karunungan, tapang, at lakas.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Josh Hernandez, Romeo Mercado

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.